


Araling Panlipunan

Unang Markahan – Modyul 8:
Mga Paraan ng Pangangasiwa
sa Likas na Yaman ng Sariling
Lalawigan at Rehiyon



Araling Panlipunan – Ikatlong Baitang

Alternative Delivery Mode

Unang Markahan – Modyul 8: Mga Paraan ng Pangangasiwa sa Likas na Yaman ng Sariling Lalawigan at Rehiyon

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Annabelle F. Mier	
Editor:	Mailen D. Cabillan, Glee S. Cavan, Adelma D. Cudera	
Tagasuri:	Rosemarie T. Realino, Zimrose R. Pedrera, Gemma G. Daño Guillesar P. Villarente, Myleen C. Robiños, Alejandro S. Fernandez Jr.	
Tagaguhit:	Cris A. Aquino, Aiza Lou A. Bernaldez, Cherie Mae A. Caduyac Eduardo, Jr. A. Eroy, Jules Bernard G. Guinita, Marvin P. Linogao, Edieson John C. Mag-aso, Sharon C. Marimon, Ryan R. Padillos, Nylle Ernand D. Silayan	
Tagalapat:	Alpha Amor G. Manglicmot, Patrick John P. Peresores	
Tagapamahala:	Allan G. Farnazo Mary Jeanne B. Aldeguer Analiza C. Almazan Danilo R. Dohinog Ma. Cielo D. Estrada	Nelson C. Lopez Cheerylyn A. Cometa Christopher P. Felipe Leonora Liza D. Dacillo Alicia I. Ayuste

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region XI

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

Araling Panlipunan

Unang Markahan – Modyul 8:
Mga Paraan ng Pangangasiwa
sa Likas na Yaman ng Sariling
Lalawigan at Rehiyon

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Sa araling ito ay malalaman ang mga paraan sa wastong pangangasiwa ng mga likas na yaman. Tatalakayin din ang bawat pamamaraan upang higit mong maunawaan ang kahalagahan nito.

Sa araling ito, inaaasahang:

1. Naipaliliwanag ang mga wastong paraan ng pangangasiwa sa mga likas na yaman ng sariling lalawigan at rehiyon (**AP3LAR- Ii-13**);
2. Napahahalagahan ang mga paraan ng matalinong pangangasiwa ng likas na yaman sa sariling lalawigan at rehiyon; at
3. Naisasagawa ang mabuting gawain sa pangangasiwa sa likas na yaman ng sariling lalawigan at rehiyon.



Subukin

Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat ito sa sagutang papel.

1. Isa sa mga yamang tubig na nakukuha sa karagatan.
 - A. isda
 - B. damo
 - C. prutas
 - D. bungang-kahoy
2. Ang sumusunod ay mga paraan upang mapangalagaan ang yamang tubig, maliban sa isa.
 - A. Pagtatapon ng basura sa ilog.
 - B. Pagbibigay ng pagkain sa mga isda.
 - C. Pagtanim ng mga puno sa tabing-ilog.
 - D. Paggamit ng lambat na may katamtamang butas.
3. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng tamang pangangasiwa sa pangingsda?
 - A. paggamit ng dinamita
 - B. paggamit ng lason sa paghuhuli ng isda
 - C. paggamit ng bangkang pinapaandar ng makina
 - D. paggamit ng lambat na may katamtamang butas
4. Alin sa sumusunod ang dapat tularan?
 - A. pagtatapon ng mga patay na hayop sa gitna ng ilog
 - B. pamumutol ng punong-kahoy at gawing panggatong
 - C. pagsusunog ng mga gulong para mamatay ang mga insekto
 - D. pagtanim ng mga puno pamalit sa mga pinutol na punong-kahoy
5. Paano pinapahalagahan ang mga nabubulok na dahon at dumi ng hayop?
 - A. sunugin ng maayos
 - B. gumawa ng **compost pit**
 - C. itago sa malalayong lugar
 - D. hayaan hanggang matuyo


Aralin

1

Mga Paraan ng Pangangasiwa sa Likas na Yaman ng Sariling Lalawigan at Rehiyon

Mayaman ang ating bansa sa kagubatan, palaisdaan at minahan na nakatutulong sa pag-unlad ng pamumuhay at katatagan ng ating kabuhayan. Makikita ang mga ito sa iba't ibang rehiyon ng ating bansa lalo na sa mga lalawigan.

Kilala ang Pilipinas sa pag-angkin ng saganang mga likas na yaman. Mayroon tayong mayamang kagubatan, karagatan at minahan sa ating kapaligiran na nakakatulong sa pagpapaunlad sa kabuhayan at nakapatatag sa ating pangkabuhayan.



Balikan

Sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Anong anyong lupa ang panganib sa bagyo at baha?
2. Anong uri ng kalamidad ang kadalasang magdudulot ng malaking pinsala sa mga lugar na malapit sa dagat?
3. Ano-anong lalawigan sa Davao ang nakaranas sa isa sa mga pinakamalakas na bagyo sa kasaysayan?
4. Ano ang dapat gawin upang maiwasan ang mga sakuna sanhi ng bagyo at baha?
5. Paano mapaghahandaan at maiiwasan ang mga sakuna na nagdudulot ng malaking pinsala?



Mga Tala para sa Guro


Basahin at ipaunawa nang mabuti ang mga panuto sa bawat hakbang at gawain. Ipaalala sa mag-aaral na gumamit ng hiwalay na papel sa pagsulat ng kanilang mga sagot sa mga gawain. Lahat ng sagutang papel at mga proyektong nagawa ay ipapasa sa guro upang mabigyan ng nararapat na marka.




Tuklasin

Tingnan ang mga larawan. Lagyan ng tsek (/) ang kahon kung sa palagay mo ay wastong pangangasiwa at ekis (x) naman kung hindi. Sagutin din ang sumusunod na tanong batay sa larawang ipinakita.

A



B



1. Alin sa larawang ipinakita ang may wastong pangangasiwa sa likas na yaman?
2. Aling larawan naman ang nagpapakita ng hindi tamang gawain sa ating likas na yaman?
3. Sa palagay mo, paano ka makatutulong sa pangangalaga sa likas na yaman?



Suriin

Pangangasiwa sa Likas na Yaman

Kilala ang Pilipinas sa pagkakaroon ng masaganang likas na yaman. Mayroon tayong mayamang kagubatan, palaisdaan, minahan at marami pang iba sa ating bansa na nakatutulong sa pag-unlad ng pamumuhay at katatagan ng ating kabuhayan. Makikita sa sumunod na mga pahina ang wastong pangangalaga at pangangasiwa sa ating mga likas na kayamanan.

Mga Salik sa Wastong Pangangasiwa sa Likas na Yaman
1. Pagpigil sa gawaing pagkakaingin.
2. Pagputol sa mga punong may sapat na gulang.
3. Pagtatanim sa mga nakatiwangwang na gubat.
4. Paglilinis ng maayos sa mga kalapit na dalampasigan.
5. Pagtatanim ng punlang puno bilang kahalili ng pinutol na puno.

Anyong Tubig

1. Paggamit ng lambat na may katamtamang butas.
2. Pagbawal sa pagtatapon ng basura sa ilog, dagat, lawa at sapa.
3. Pagtanim ng mga bakawan sa mga nakatiwangwang na ilog at sapa.
4. Pag-iwas sa paggamit ng bangkang de-motor sa pangangisda.
5. Pag-iwas sa paggamit ng mga kasangkapang nakapipinsala sa mga maliliit na isda.

Yamang Mineral

1. Pahalagahan ang mga mineral na di-metal.
2. Pag-iingat sa pagkasira ng lupang-minahan.
3. Paggamit ng wasto sa mga mineral na metal.
4. Pagkontrol sa polusyong idudulot ng pagmimina.
5. Pag-aaral sa makabago at siyentipikong pamamaraan sa pagmimina sa bansa.

Anyong Lupa


1. Pagbawal sa pagsusunog ng mga tuyong sanga ng punong-kahoy.
2. Muling pagtatanim ng mga puno upang mapigilan ang pagguho ng lupa.
3. Pagyamanin ang kagubatan sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga puno.
4. Pagpapalit ng pananim upang makatulong sa pagpapanatili sa katabaan ng lupa.
5. Paggawa ng compost pit mula sa mga nabubulok na dahon at dumi ng hayop bilang pataba ng lupa.



Pagyamanin


Gawain A



Bubuin Mo -Ano ang naiisip mong gawain para sa likas na yaman? Isulat sa kanang bahagi ng **cluster map** ang mga wastong pangangasiwa at sa kaliwang bahagi naman ang mga di-wastong pangangasiwa na dapat maiwasto ng bawat tao.



Gawain B

Magbigay ng mga halimbawa sa sumusunod na likas na yaman na matatagpuan sa iyong lalawigan. Isulat sa mga bilog ang iyong sagot.








Isaisip

1. Gumamit ng lambat na may katamtamang mga butas.
2. Kailangan na ang basura ay pinaghihiwalay sa nabubulok at di-nabubulok.
3. Muling pagtatanim ng mga puno upang mapigilan ang pagguho ng lupa.
4. Pag-aaral sa makabago at siyentipikong pamamaraan sa pagmimina sa bansa.
5. Ang mga gawain sa wastong pangangasiwa sa likas na yaman ay mahalaga.



Isagawa

Punan ang isang **graphic organizer** sa ibaba. Gawin ito sa iyong kuwaderno.





Tayahin

Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Paano pagyamanin ang mga nakakalbong lupain?
 - A. maglilinis ng mga bakuran
 - B. magtatanim ng mga puno
 - C. magsusunog ng mga gulong
 - D. mag-iwan ng mga basura sa bundok

2. Bakit kinakailangan natin ngayong ang “reforestation” o pagtatanim muli sa mga lupain?
 - A. mapanatili ang dami ng mga puno sa lupain
 - B. mapagbigyan ang kagustuhan ng mga kabataan
 - C. maproteksyunan ang mga halaman sa init ng araw
 - D. mapangalagaan ang iba't ibang uri ng puno sa lupain

3. Paano ang wastong pagtatapon ng mga basura?
 - A. itago ang mga basurang di-nabubulok
 - B. sunugin ang mga papel sa labas ng bahay
 - C. iwanan ng maayos ang mga basurang plastik
 - D. ihiwalay ang mga nabubulok sa di-nabubulok

4. Bakit kailangang gumamit ng katamtamang laki ng lambat ang mga mangingisda? Upang...
- A. makahuli agad ng isda
 - B. makahuli ng maraming isda
 - C. maiwan sa dagat ang mga maliliit na isda
 - D. maisakatuparan ang kagustuhan ng mga mangingisda
5. Ano ang dapat gawin sa ating mga likas na yaman?
- A. hahayaan lang
 - B. baliwalain at hindi na makikialam
 - C. pangangasiwaan ng tama at mabuti
 - D. ipauubaya ang pangangasiwa sa may kapangyarihan



Karagdagang Gawain

A. Gumupit ng mga larawan sa dyaryo na nagpapakita ng wastong pangangasiwa sa mga likas na yaman. Idikit ito sa isang malinis na papel.

Bakit mo maituturing na wastong pangangasiwa sa mga likas na yaman ang mga naidikit na larawan?

B. Isulat ang iyong sariling opinyon sa pangangasiwa ng sumusunod na likas na yaman.

1. Yamang Tubig

2. Yamang Lupa

3. Yamang Mineral



Susi sa Pagwawasto

Karagdagan Gawain B

Yamang Tubig
Gumamit ng lambat na may katamtamang butas sa pangingsida.

Yamang Lupa
Pagtatanim ng mga puno sa kabundukan.

Yamang Mineral
Pag-aral sa makabagong pamamaraan ng pagmimina. (Tanggapin ang iba pang sagot ng mag-aral.)

Pagymanin

Gawain A

Sa kailiwang bahagi

1. Pagtatapon ng basura sa ilog.
2. Pagputol ng mga kahoy sa kabundukan.
3. Paggamit ng dinamita sa pangingsida, (Tanggapin ang iba pang sagot ng mag-aral.)

Sa kanang bahagi

1. Pagtatapon ng basura sa tamang lalagyan
2. Pagtatanim ng mga kahoy.
3. Paggamit ng lambat na may katamtamang butas.




Isagawa

1. Gumamit ng lambat na may katamtamang mga butas.
2. Kailangan na ang basura ay pinaghihwalay sa nabubulok at di-nabubulok.
3. Muling pagtatanim ng mga puno upang mapigilan ang pagguho ng lupa.
4. Pag-aral sa makabago at siyentipikong pamamaraan sa pagmimina sa bansa. (Tanggapin ang iba pang sagot ng mag-aral.)

Tayahin

1. B
2. A
3. D
4. C
5. C

Tukasin

1. 
2. 
3. 

- Itapon sa tamang lugar ang mga basurahan.

- Paghihiwalayin ang mga basura sa nabubulok at di-nabubulok.

(Tanggapin ang iba pang sagot ng mag-aral.)

Pagymanin

Gwain B

Yamang Tubig
1. Dagat
2. Ilog
3. Talon

Yamang Lupa
1. Kapatagan
2. Bundok
3. Buroi

Yamang Mineral
1. Ginto
2. Tanso
3. Pilak

Balikin

1. Kapatagan
2. Baha
3. Baganga, Caraga, Cateel, Monkayo
4. New Bataan

-Makinig sa balita sa mga kalamidad.

-Lumikas sa lugar na mapanganib.

Gumamit ng iba't ibang uri ng mapa sa pagtukoy sa mga lugar na mapanganib sa pagtatanim ng mga kalamidad.

Subukin

1. A
2. A
3. D
4. D
5. B

Sanggunian

Slideshare. "Rehiyon XI Rehiyon ng Davao". September 08, 2014.
www.slideshare.net/avigailgabaleomaximo/region-II-davao-region.

Wikipedia. "Rehiyon ng Davao". "April 21, 2020."
www.wikipedia.org.

Amboni, Ma. Lynie R., Archie E. Año, Rheex G. Castor, Myla A. Gerodias, Rosemarie T. Realino, Melfrie E. Gudmalin, Julieta Maluenda, Genelly A. Priagola, Ruth D. Salarda, Imelda T. Cardines, Jonathan B. Catubig, Gemma G. Daño, Iren C. Limit, Grace D. Pontillas, EdD, Rowena P. Flores, Lovelyrose Mary L. Sabuga-a, Rona T. Apique, Leonora Liza D. Dacillo, *Araling Panlipunan 3 Kagamitan ng Mag-aaral Rehiyon XI – Rehiyon ng Davao*. Pasig City Philippines: Studio Graphic Corp., 2019, 128-135.

Manalo, Thea Joy G, Charity A. Capunitan, Walter F. Galarosa, and Rodel C. Sampang, *Araling Panlipunan 3 Kagamitan ng Mag-aaral Sinugbuanong Binisaya*. Pasig City Philippines: Book Media Press, Inc., 2015, 125 -133.

Manalo, Thea Joy G, Charity A. Capunitan, Walter F. Galarosa, and Rodel C. Sampang, *Araling Panlipunan 3 Kagamitan ng Guro*. Pasig City Philippines: Book Media Press, Inc., 2015, 65 – 68.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph